



# Pagbalik ng Personal na Pag-aaral

Nangungunang 10 Bagay na Dapat Malaman ng mga Pamilya ng SPS

1

Mayroong kailangan na pang-araw-araw na pagsusuri ng kalusugan. Ang pagsusuri ay dapat maibigay bago mag-ika-7 n.u. Ang mga pamilya ay tatanggap ng "pinayagan" or "hindi pinayagan"na abiso.



2

Ang mga mag-aaral ay kailangan magsuot ng maskara. Ang mga maskara ay dapat magkasya sa ibabaw ng ilong at ibaba ng baba. Ang mga maskara ay isusuot sa bus at paaralan maliban kung ang mag-aaral ay kumakain o umiinom. Kung ang mag-aaral ay walang maskara, bibigyan siya ng isa. Ang mga hadlang na plexiglass ay ilalagay sa mga espesyal na silid-aralan para sa mga mag-aaral na hindi makakapagsuot ng isang maskara.



3

Ang isang mag-aaral ay itatalaga sa bawat upuan sa bus, maliban kung mula sa parehong sambahayanan. Ang mga bintana ay bukas at aayusin para magbigay ng daloy ng hangin. Ang mga drayber ng bus ay magsusuot ng inaprubahan ng L&I na Pansariling Kasangkapan sa Pangangalaga, tulad ng isang maskara, at lilinin ang madalas hawakan na mga lugar sa pagitan ng bawat ruta. Ang buong bus ay lilinin araw-araw pagkatapos ng huling biyahe.




4

Ang lahat ng mag-aaral ay sasalubungin ng kawani sa isang itinalagang lugar ng babaan. Ang pang-araw-araw, na kailangan na pagsusuri ng kalusugan ay kukumpirmahin. Kung ang pagsusuri ng kalusugan ay hindi kumpleto, ang pamilya ay magpapatunay sa paaralan o tatawagan at ang mag-aaral ay mananatili sa isang hiwalay na lugar ng hintayan hanggang makumpleto. Ang mga mag-aaral ay mananatiling nakamaskara at anim na talampakan ang layo sa lahat ng oras.




5

Ang lahat ng mga silid-aralan ay may 15 o mas mababang mag-aaral. Ang mga mailit na grupo, o magkakasama(cohort), ay magkakasama sa buong araw kabilang ang tanghalian at recess. Ang mga magkakasamang mag-aaral ay may nakatalagang pasukan, mga labasan, at mga banyo. Ang mga mag-aaral na may kumpirmadong pagsusuri ng kalusugan ay tutuloy sa pamamagitan ng itinalagang pasukan.




6

Sa mga silid-aralan, ang mga mag-aaral ay itatalaga sa mga upuan na anim na talampakan na magkalayo at nakaharap sa parehong direksyon. Ang sining at pisikal na edukasyon ay ibibigay sa pamamagitan ng magkahalong pangmalayuan at hindi magkakasabay na pag-aaral. Ang mga mag-aaral na tumatanggap ng personal na masinsin na serbisyo ng espesyal na edukasyon ay makakakuha ng nilalaman ng pangkalahatang edukasyon ng pangmalayuan na may suporta mula sa kanilang guro. Ang oras ng pasukan at labasan ng silid-aralan ay magkakaiba.



7

Ang mga mag-aaral ay mayroong pansariling kagamitan para sa pang-araw-araw na gamit at mga ang mga gamit ay hindi ibabahagi. Ang mga bagay na pabalik-balik mula sa paaralan papunta sa bahay ay lilimitahan.




8

Ang paghuhugas ng kamay ay uunahin sa buong araw kabilang ngunit hindi limitado sa pagdating, pagkatapos ng recess, at pagkagamit ng banyo. Ang palantandaan ng paghuhugas ng kamay ay ilalagay sa buong gusali.



9

Ang pang-araw-araw na paglilinis ng mga pangkaraniwang lugar ay gagawin ng naaayon sa mga rekomendasyon ng CDC at Pamublikong Kalusugan. Ang madalas hawakan na mga lugar at mga banyo ay lilinin ng tatlong beses bawat araw. Ang karagdagang PPE ay ibibigay sa bawat silid-aralan para sa pang-araw-araw na gamit. Kung may isang pinaghihinalaang o kumpirmadong kaso ng COVID-19, Ang SPS ay susunod sa mga patakaran sa paglilinis at pagdisimpekta ng CDC, pagsubaybay sa mga nakasalamuha (contact tracing), at mga protokol sa komunikasyon.



10

Kapag pauwi na sa bahay, ang mga mag-aaral ay lilinya na pananatiliin na may pagitan na anim na talampakan ang bawat isa. Ang mga mag-aaral ay sasakay o kukunin sa isang itinalagang lugar.



**Sa buong panahon ng pandemya, ang ating mga mag-aaral ang mauuna.** Ang SPS ay nanatiling nangangakong gagawin ang lahat ng masiguro na ang bawat mag-aaral ay uunlad sa anumang kapaligiran ng pag-aaral. Ang kawani ay naghahanda para sa isang yugto ng pagbabalik ng personal na pag-aaral, na magsisimula sa mga mag-aaral na pumapasok. Kami ay nakahanda. Ang mga pangkalusugan at ligtas na protokol ay ipinatutupad, ang Pansariling Proteksyon na Kagamitan ay nakalagay na, at ang distrito ay naghanda para sa transportasyon at mga pagkain ng mag-aaral. Habang ang personal na pag-aaral ay mukhang kakaiba, kami ay nangangako na sisiguraduhin na ang mga silid-aralan ay mananatiling nakakaengganyo at nakakagalak. Alamin ang iba pang tungkol sa plano ng distrito sa [www.seattleschools.org/resources](http://www.seattleschools.org/resources)



[www.seattleschools.org/resources](http://www.seattleschools.org/resources)